

LABABOY: ANG BABOY NA WALANG AMOY

Ang pag-aalaga ng baboy ay isa sa pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan partikular na sa kabukiran. Subalit, naging malaking usapin ang hindi kanais-nais na amoy na sanhi ng pag-aalaga ng baboy. Mula sa konsepto ng organikong pag-aalaga ng baboy, inilunsad ang **LaBaboy Technology** upang mabigyang solusyon ang problema ng mga nag-aalaga ng baboy, maprotektahan ang kalusugan ng mga tao at gawing kapaki-pakinabang ang mga organic waste sa paligid.

Benepisyo ng LaBaboy

- Pag-aalaga ng baboy na walang amoy
- Hindi kinakailangan ng malaking puhunan upang makapag-umpisa at pagpapanatili ng produksyon
- Nagiging kapaki-pakinabang ang mga agricultural wastes (halimbawa: kusot, bunot at ipa)
- Ang beddings nito ay nagiging organikong pataba sa halaman
- Nagkakaroon ng karagdagang kita mula sa compost

Mga Kailangan

- 8 sako ng alinman sa mga sumusunod:
 - ◆ Kusot
 - ◆ Bunot
 - ◆ Ipa
- 1 sakong Lupa
- 1 kilong Asin
- Indigenous Micro-organism (IMO)
 - o Effective Micro-Organism (EMO)



Pamamaraan

Kung may nakatayo nang babuyan (piggery) o lumang struktura, konkreto man o hindi, narito ang pamamaraan ng paghahanda ng LaBaboy:

1. Gumawa ng hukay sa kulungan ng baboy na may lalim na kalahati hanggang isang (1) metro.
*Paalaala: Maglaan ng 2 metro kwadrado (sqm) espasyo kada baboy
2. Paghaluin ang 8 sakong kusot (maaari ding giniling na bunot o ipa), 1 sakong lupa at 1 kilong asin.
3. Ilatag ang pinaghalo-halong sangkap sa hinukay na butas.
4. Ulitin ang proseso hanggang mapunan ang buong butas.
5. Paghaluin ang IMO sa tubig.
*10 mL (2 kutsara) IMO kada 1 litrong tubig
6. I-spray ang IMO formula sa Lababoy beddings.
*1 litro kada metro kwadrado ng bedding
7. Pagkatapos maisagawa ang paghahanda ng Lababoy, maaari nang ilagay ang baboy sa kulungan.



Paalaala: Ang beddings ng Lababoy ay kinakailangan buhaghag at hindi mamasa-masa.

Paraan ng Pag-aalaga ng Baboy:

- a. Paligo sa baboy
 - bago ilagay sa loob ng kulungan
 - bago i-dispose ang baboy
- b. Hayaang magbungkal ang baboy dahil ito ay natural nilang gawain.
- c. Pakainin ang baboy 3 beses sa isang araw ng mga pagkaing mayaman sa protina, bitamina, carbohydrates, minerals at lipids.



Mga Halamang Maaari ring Ipakain sa Baboy



- *Flamengia*
- *Trichantera*
- *Tirang pinag-himayan ng gulay at prutas*
- *Water Lily at iba pang dahon tulad ng ipil-ipil*

- d. Mag-spray ng IMO sa beddings kung mayroon nang di kanais-nais na amoy.
- e. Upang hindi magkaamoy ang baboy, iwasang mabasa ang beddings; maaaring gumamit ng lumang lababo at lagyan ng zip nose upang dito uminom



Indigenous Micro-Organism


Materyales

- 1 kilong molasses
- Biyas ng kawayan
- Manila paper
- Kanin (1 kilo)
- Planggana
- Mga dahong may amag



Pamamaraan

1. Maglagay ng kanin sa bungbong ng kawayan o plastic container.
2. Ilagay sa ilalim ng puno (kawayan o iba pa) at haluan ng may amag na dahon (moldy leaves)
3. Makalipas ang 4-5 araw, haluan ng molasses (1:1), ilagay sa net, takpan at buruhin ng 7 araw.
4. Maaari ng anihin makalipas ng 7 araw.



Paggamit ng IMO

1. Magtimpla ng 10 mL (2 kutsara) IMO sa kada isang (1) litrong tubig.
2. Ibomba sa beddings.



AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Regional Training Center - MiMaRoPa
Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro



dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph



(02) 359-1967;
0917-8432654; 0939-9166473



www.ati.da.gov.ph/ati-4b



@atimimaropa



LABABOY: ANG BABOY NA WALANG AMOY

